



## Pagtutulungan Para Protektahan ang mga Komunidad mula sa mga Sunog na Mabilis Kumalat

Sa mataas na panganib ng sunog na mabilis kumalat na kinakaharap ng ating estado, pinapaunlad at pinapalawak ng PG&E ang pagsisikap natin na pababain ang panganib ng sunog na mabilis kumalat at panatilihin ang ating mga kliyente at komunidad. Bilang bahagi ng pagsisikap na ito, posibleng kailangang patayin ng PG&E ang kuryente para sa kaligtasang pampubliko kung nagbabanta ang masamang lagay ng panahon sa isang bahagi ng sistemang elektrikal. Tinatawag itong Pagpatay sa Koryente para sa Kaligtasang Pampubliko (Public Safety Power Shutoff).



## Pagbawas sa Epekto ng Pagpatay sa Kuryente para sa Kaligtasang Pampubliko

Napagbubuti ng PG&E ang pagsisikap nito na pahasayin ang programang PSPS kapag ginawa ito sa mas maliit lamang na sakop, sa mas maikling panahon, at mas magaling para sa aming mga kliyente. Ginagamit ng PG&E ang iba't ibang mapagkukunan ng tulong para mabawasan ang epekto ng PSPS sa ating mga komunidad.

### Pagpapalakas ng Resiliency

Nagsisikap ang PG&E na gawin ang ilang pagpapalakas na puwedeng maging dahilan para ang mga pangyayaring PSPS ay hindi masyadong makaapekto sa mga bahagi ng komunidad, kabilang dito ang:



#### Sectionalizing at Reconfiguration

Paglalagay ng mahigit sa 600 sectionalizing na kasangkapan ngayong taon na magagawang mag-redirect ng koryente at maglimita ng lawak ng pagkawala ng koryente. Sinusuri din namin ang ating grid configuration para tiyakin na nakakaapekto tayo ng kaunting kliyente lamang hangga't maaari sa panahon ng mga darating na pangyayaring PSPS.



#### Mga Pansamantalang Microgrid

Pagbuo ng pansamantalang microgrid magmula sa mga substation at iba pang naitakda nang lokasyon na magpapahintulot sa PG&E para ligtas na makapaglaan ng koryente gamit ang pansamantalang generation sa panahon ng isang pangyayaring PSPS. Ginawa itong mga microgrid para mapagsilbihan ang mga pinagsaluhang mapagkukunan ng tulong at/o mabenepisyuhan ang maraming kliyente sa mga bahagi ng mga komunidad na ligtas na mapagbuksan ng koryente sa oras ng mga pangyayaring PSPS.



#### Community Microgrid Enablement Program (CMEP)

Pagsubok sa kakayahan na masuportahan ang mga komunidad at kliyente na gumawa ng sarili nilang maramihang kliyente o antas-komunidad na microgrid. Puwedeng kasama dito ang pagtataguyod ng pinahusay na suportang teknikal para sa paggawa ng proyekto, kasangkapan ng proyekto, at sa ilang kaso, minsanang pagtatambal ng angkop na pondo (one-time matching funds). Kasalukuyang binubuo ang programang ito at naghihintay na maaprubahan ng California Public Utilities Commission (CPUC).



## Mga Mapagkukunan ng Tulong at Impormasyon Kaugnay ng Resiliency Para sa Mga Kliyente

Nag-aalok din kami ng solusyon para sa mga indibidwal na kliyente para mabawasan ang epekto ng PSPS sa hinaharap. Kabilang dito ang:

### ■ Self-Generation Incentive Program (SGIP)

Nagbibigay ng kakayahan sa mga kliyente na patagalin ang koryente sa panahon ng isang pangyayaring PSPS sa pamamagitan ng pagdaragdag ng imbakang baterya sa kanilang plano ng kaligtasan para sa sunog na mabilis kumalat. Nagbibigay ang SGIP ng mga insentibo para sagutin ang hanggang 100% ng gastos sa baterya at instalasyon para sa mga namemeligrong kliyente **batay sa kita, lugar, pangangailangang medikal at mga nakaraang pangyayaring PSPS.**

**Ang mga targeted na kuwalipikasyon sa pagsali sa SGIP ang mga sumusunod:**

- ✓ **Dahil sa isa kayong Medical Baseline na Kliyente 0 nagawa ninyong ipaalam sa PG&E ang tungkol sa isang karamdaman na puwedeng banta sa buhay kapag walang koryente 0 dahil kayo ay Kuwalipikado Batay sa Mababang Kita**
- ✓ **AT** namumuhay sa Antas 2 o Antas 3 na Distritong Mataas ang Panganib ng Sunog 0 dahil nawalan ng koryente sa isang nakaraang pangyayaring PSPS nang dalawa o higit pang beses.

Para sa **karagdagang impormasyon** at para **mag-apply sa mga insentibo para sa SGIP**, hinihikayat ang mga residensiyal na kliyente na bisitahin ang [pge.com/pspsbattery](http://pge.com/pspsbattery). Tingnan ang Aklat-Gabay ng SGIP sa [selfgenca.com/home/resources/](http://selfgenca.com/home/resources/) para sa karagdagang impormasyon.

### ■ Disability Disaster Access and Resources Program

Nakikipagtulungan ang PG&E sa California Foundation for Independent Living Centers (CFILC), para mabigyan ng kakayahan ang mga kuwalipikadong kliyente na gumagamit ng de-koryenteng kasangkapang medikal para makagamit ng backup na nabibitbit na mga baterya sa pamamagitan ng isang grant, lease-to-own o aplikasyon ng pangungutang. Kasama sa mga karagdagang mapagkukunan ng tulong at impormasyon na isinasagawa sa pamamagitan ng programang ito ang:



Magagamit na mapagkukunan ng tulong sa transportasyon sa panahon ng isang pangyayaring PSPS



Mga hotel voucher sa panahon ng isang pangyayaring PSPS



Mga food stipend pagkatapos ng isang pangyayaring PSPS



Outreach at edukasyon sa kahandaan sa emergency



Outreach sa pagpapa-enroll sa Medical Baseline Program

Hinihikayat ang mga interesadong kliyente na alamin pa ang tungkol sa programang ito na kontakin ang lokal na Independent Living Center. Makikita ng mga kliyente ang lokasyon ng Independent Living Centers sa pagbisita sa [cfilc.org/find-ilc](http://cfilc.org/find-ilc).



## Higit pang Matutunan

Kung may mga tanong pa kayo tungkol sa mga gawain sa resiliency ng PG&E, puwede kayong magpadala ng email sa [wildfiresafety@pge.com](mailto:wildfiresafety@pge.com).